

Ideolohiyang Agta sa Awit na *On Potok*¹

MA. CECILIA C. DE LA ROSA

mcdelarosa@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

ABSTRAK

Sinusubukan ng papel na ito na halawin ang Ideolohiyang Agta mula sa *On Potok*, isang awit-protesta na laganap sa mga komunidad ng Agta sa mga bayan sa Luzon na nakalatag sa kahabaan ng Bulubundukin ng Sierra Madre. Ang *On Potok* ay likhang-bayan at awit-komunidad ng mamamayang Agta, na inaawit sa purong wikang Bulos (Umiray-Dumaget). Gamit ang mga metodolohikal na pre-rekisitos ni Valentin Voloshinov para sa pagsusuri ng mga senyas, tinukoy sa liriks ng awit ang mga salita na matatalaga bilang mga ideolohikal na senyas na umunlad sa konteksto ng produksyon, kultura, at pakikibakang pulitikal ng mamamayang Agta. Nahanap sa mga senyas na ito ang mga bagay na pinahalagahan ng lipunang Agta: ang lupa, si Makidapat (diyos), ang tao (agta), at ang pakikibakang anti-dam. Mula rito'y napagtitibay na taglay ng *On Potok* ang Ideolohiyang Agta na nagkahugis simula nang magkaroon ng banta ng mga dam sa kanilang lupang ninuno.

Mga Susing salita: On Potok (Ang Lupa), ideolohikal na senyas, ideolohiya, awit-protesta, dam, Agta

ABSTRACT

This paper attempts to extract the Agta Ideology from On Potok, a protest song popular among Agta communities in Luzon towns spread all over the Sierra Madre mountain range. On Potok is a folk and community song of the Agta people, sung in pure Bulos (Umiray-Dumaget) language. Using the prescribed methodological prerequisites by Valentin Voshinov, I identified from the lyrics of the song the words that can be assigned as ideological signs which developed in the context of production, culture, and political struggles of the Agta people. From these signs we found what the Agta society values: the land, Makidapat (god), the people (agta), and their anti-dam resistance. From here we can establish that On Potok possesses the Agta Ideology which has taken shape when first emerged the threat of dams on their ancestral land.

Keywords: *On Potok (The Land), ideological signs, ideology, protest song, dam, Agta*

¹ Nakatuntong ang papel na ito sa aking undergraduate na tesis, "On Potok: Awit-Protesta bilang Awit-Komunidad ng mga Agta sa Quezon" (2013). Binaybay ng nasabing tesis ang kasaysayan ng On Potok. Nahanap ang halaga ng awit na ito sa pagkakaisa at pakikibaka ng mamamayang Agta. Isang awit-protesta na naging pang-araw-araw na anthem ng lipunang Agta ang On Potok. Samantalang ipinása rin ang mismong papel bilang gradwadong kahingian sa klaseng Fil 225 (Sitwasyong Pang-wika sa Pilipinas) noong 2020.

On Potok e yenedi, e yenedi ni Makidapat
On Potok e yenedi, e yenedi ni Makidapat
On Potok e yenedi, kakmukan ni Agta
Eyen yenedi, eyen yenedi para de orat

-On Potok,
awit ng Agta

PANIMULA

Ang *On Potok* ay awit na popular sa mga Agta ng Sierra Madre. May dalawang *On Potok* na umiiral sa mga komunidad ng Agta. Ang isa² ay komposisyon ni Fr. Oliver Castor, paring redentorista at aktibista na minsang namuhay bilang misyonero sa General Nakar, Quezon, taóng 1987. Sinulat niya ang awit noong 1988 at matapos ang ilang rebisyon ay inilabas noong 1989. Ang isa pa—na siyang pambungad ng papel na ito—ay ang orihinal na *On Potok* na naging inspirasyon ni Fr. Castor sa pagsusulat niya ng awit na may parehong pamagat. Bukod sa pamagat, hiniram ni Fr. Castor sa naunang awit na ito ang mga salita para sa koro ng sarili niyang komposisyon, na mayroon lámang bahagyang pagkakaiba sa baybay at bigkas. Ang *On Potok* ni Fr. Castor ang nakarating sa mainstream na odyens dahil sa mga cover na ginawa ng ilang grupo tulad ng Southern Tagalog Exposure (STEx) at Talahib People's Music. Samantalang nanatili sa loob ng mga komunidad ng Agta ang orihinal.

May parehong pagpapahalaga sa dalawang *On Potok* ang mga Agta, kahit pa ang isa rito'y sinulat ng isang tagalabas o hindi-Agta. Sa katunayan, itinuturing nila ang mga ito na pangalawang “pambansang awit”, seremonyal na kinakanta sa mga paaralan ng Agta pagkatapos ng Lupang Hinirang, gayundin sa mga programa at pagtitipon (de la Rosa 62).

Ang unang awit na *On Potok* ang siyang pagtutuunan ng pansin ng papel na ito. Ang punla ng pag-aaral ko sa *On Potok* ay nagmula sa aking interes sa awit ni Fr. Castor na una kong narinig sa music video ng STEx na naka-upload sa Youtube, noon pang 2006. Sa video ay tinukoy ang awit bilang “On Potok, Awit ng Dumagat”. Gawing 2013, noong ako’y nagbabalak nang gumawa ng tesis sa kolehiyo, binanggit sa akin ng isang kasama sa Concerned Artists of the Philippines na ang *On Potok* ay sinulat ng isang pari, at hindi katutubong awit ng mga Dumagat. Dito ako nagkainteres na hanapin ang pari para magsaliksik tungkol sa kanyang awit. Ang layon ko noon ay mabigyan siya ng tamang pagkilala bilang kompositor ng awit. Nahanap ko si Fr. Castor at nakapanayam pero itinuro niya ako pabalik sa komunidad ng mga Agta. Nakapanayam ko noong Oktubre

2013 ang noo’y gobernador ng mga Agta na si Ramcy Astoveza sa Brgy. Pamplona, Infanta, Quezon at ang kanyang kapatid na si Marvin sa Teacher’s Village, Diliman, Quezon City. Sa huli, binaybay ng aking di-gradwadong tesis ang kasaysayan ng dalawang awit na *On Potok*. Sa kasalukuyang pag-aaral, nása unang *On Potok* ang tuon dahil dito nagsimula ang mga salitang “On potok e yenedi ni Makidapat” na naging liriks din ng marami pang awit tungkol/para sa mga Agta.

Gámit ang teorya ni Valentin Voloshinov, Ruso at Marxistang lingguwist na nagpasok ng pilosopiya ng wika sa Marxistang diskurso, susubukin ng papel na ito na tukuyin ang mga ideolohikal na senyas ng *On Potok*. Pangunahing haka ng papel ay: tinataglay ng liriks ng *On Potok* ang Ideolohiyang Agta, at mahahanap ito sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga ideolohikal na senyas sa teksto ng awit. Gusto kong ibuod ang Ideolohiyang Agta bilang pakikibakang anti-dam na nagtatanggol sa lupang ninuno, ang Sierra Madre.

Nais makapag-ambag ng pag-aaral sa araling katutubo at araling performans. Gayunman, partikular na sinasaklaw lámang ng pag-aaral ang pagbasa sa liriks ng awit,

² Nása Apendiks ang buong liriks.

bagama't inilalarawan ang melodiya nito bilang bahagi ng pagsasakasaysayan at pagsasakonteksto ng paglikha.

KONTEKSTO NG *ON POTOK*

Ang Lipunang Agta

Sa maraming literatura tulad sa mga pag-aaral nina Barrows, Headland, Reid, at Himes, tinatawag na Dumagat ang mga Agta. Nananahan sila sa Sierra Madre na saklaw ng mga bayan ng Palanan sa Isabela; Dingalan, Baler, Dinalungan, Dilasag, Dipaculao at Casiguran sa Aurora; Infanta, Real, General Nakar at Polilio Island sa Quezon, Tanay sa Rizal; at Norzagaray sa Bulacan (Francisco 8). Mayroon ding mga tinatawag na Remontado na may halo ng ibang etnolingguwistikong grupo tulad ng Tagalog, Marami sa kanila'y naninirahan sa gawing Antipolo, Montalban, at Tanay sa Rizal (Francisco 9, 13). Bagama't tinatanggap na rin ng mga Agta ang katawagang "Dumagat", ang pangalan nila sa sarili ay Agta (Francisco 5; Astoveza, R; Astoveza, M.). Ang agta ay direktang salin ng salitang "tao" (Francisco 5). "Tao" rin ang kahulugan ng mga baryasyon ng pangngalang "Agta" tulad ng Ita, Aeta, Alta, Ati, atbp, pangalan ng mga katutubong namumuhay sa iba-ibang bahagi ng bansa (Francisco 5). Sa gayon, minamarapat ng papel na ito na gamitin ang katawagang Agta para tukuyin ang grupo ng mamamayang nagluwal ng awit na *On Potok*.

May dalawang pangunahing barayti ang wikang Agta: ang Kabulowan at Bulos (Francisco 13). Ang una ay ginagamit sa Hilagang-Silangang Bulacan at Timog-Silangang Nueva Ecija partikular sa malapit sa mga ilog ng Sumakbaw, Rio Chico, at Umiray, sa Gen. Tinio, Nueva Ecija at sa Doña Remedios Trinidad, Bulacan. Kabulowan din ang gámit sa bandang Bundok Kilingbuk, at tri-boundary ng Bulacan, Aurora, at Nueva Ecija. Ang Bulos naman ay ginagamit sa Timog-Silangang bahagi ng Bulacan hanggang Baler, Aurora, Infanta, Real, at General Nakar, Quezon, gayundin ang katapat nitong isla ng Polilio (Francisco 13; Himes 275-276; Reid 8). Tinatawag ding Umiray-Dumaget⁵ ang Bulos (Ethnologue). Sa barayting Bulos o Umiray-Dumaget⁵ nakasaad ang *On Potok*.

⁵ Baryasyon sa baybay ang "Dumaget" ng "Dumagat." Ang entri sa Ethnologue 2015 ay "Umiray Dumaget Agta" at Dumaget-Bulus

Pangingisda at panggugubat ang pinagkukunan ng pagkain ng mga Agta. Bagama't sa pagpasok ng mga bagong naninirahan ay naging bihasa sila sa agrikultura (Francisco 31). Sa kabila ng pagkatutong magtanim, nananatili sa mga Agta ang gawing magpalipat-lipat ng lugar upang umangkop sa panahon at pangangailangan. Lubhang mahalaga para sa Agta na malaya silang makagalugad sa Sierra Madre. Nása gubat sila sa tuwing panahon ng bagyo na imposibleng mangisda sa Dagat Pasipiko at nakakababa naman sa mga dalampasigan kapag tag-init. Dahil sa ganitong katangian ay hindi nagtatayo ng malalaki at permanenteng estruktura ang mga Agta. Payak ang kanilang mga kubo, maninipis na kahoy ang ginagamit nilang haligi, dahon ang ginagawang bubong. Gabay ang prinsipyo sa pagkonsumo ng anumang produkto ng kalikasan, laging bilin ng Agta na "Huwag gagamit nang higit sa kailangan bilang tao." Walang kagahaman sa ganitong katutubong prinsipyo (de la Rosa 40).

Maliban sa estriktong pagtupad sa prinsipyo ng sapat kundi man matipid na pagkonsumo, espiritwal din ang pagpoproseso ng Agta sa mga produkto ng gubat. Nagpapaalam sila sa pamamagitan ng awit at dasal sa mga *sobkal*, espiritong namamagitan sa tao at kay Makidapat, ang diyos at dakilang lumikha sa daigdig ng Agta. Ginagawa ito upang makapagpasalamat at makahingi ng paumanhin sa pagputol ng puno o pagkatay sa hayop, sa gayon ay mapananatili ang balanse ng kalikasan (Francisco 245). Ang praktis na ito ay patunay sa espiritwal na ugnayan ng tao at lupa, ayon sa paniniwalang Agta. Kinikilala ang ugnayang ito ng batas na ibinibilang sa lupang ninuno o ancestral lands ang mga konsepto ng teritoryo:

...which cover not only the physical environment but the total environment including the spiritual and cultural bonds to the areas which the ICCs/IPs possess, occupy and use and to which they have claims of ownership. (Indigenous Peoples Rights Act of 1997)

Bilang minorya at marginalized na mamamayan, ang mga katutubong Agta ay nailalagay sa pook/posisyon ng dinodolina.

Samantala, maraming suson ang nagdodomina sa kanila, ang kanilang agresor: estado/gobyerno, tauhan ng estado tulad ng militar, mga konsesyon ng pagtotroso na may paramilitar o private army, mga dayong lowlander at bagong naninirahan na pangkaraniwan nilang tinutukoy bilang “Tagalog,” at iba pang grupo na may interes sa Sierra Madre at likás na yaman nito. Mailalarawang mapayapa ang mamamayang Agta. Bagama’t bihasa sa pangangaso, kung gayon sa mga armas-pangaso, wala sa estrukturang politikal ng Agta ang mga armadong tagapangtanggol (Francisco 188). Lumalayo sila sa agresyon. Malawak na malawak para sa kanila ang Sierra Madre at hangga’t maaari ay magmamaniobra na lámang sila sa lawak na ito kaysa humarap sa agresyon.

Sa kabilang banda, bago pa ang mga pakikibakang kontra-agresyong development, kalahok na ang mga Agta sa mga patriyotikong pakikibaka. Dahil naging natural na atrasan at kublihan ng mga gerilya at rebolusyonaryo ang Sierra Madre, naorganisa rin at napalahok bílang mga giya at mandirigma ang maraming Agta sa armadong pakikibaka laban sa mga Amerikano at kalaunan, sa mga Hapones (Francisco 117). Maaaring isipin kung gaano kaasintado sa pagpana—mga bihasang mangangaso at mangingisda gámit ang palaso—ang mga Agta; paano kayâ kung sa sandatang riple maisasalin ang kabihasaang ito? Bukod dito, napakalaki ng bentaha sa tereyn ng Agta dahil kilala niya ang bawat buról at likò ng mga ilog ng Sierra Madre.

Sapagpasok ng agresibong mga proyektong impraestraktura ng gobyerno, nagkaroon ng panibagong mukha ang pakikibakang Agta. Sa lahat na ng dáko nagmumula ang panghihimasok sa Sierra Madre at wala nang punto na umiwas lámang ang mamamayang Agta. Ano pa’t simula nang buksan ang Wawa Dam noong 1900’s ay naharap sa hámon ng pagtatanggol sa lupang ninuno ang mga Agta (de la Rosa 47). Maraming proyektong dam ang naging banta sa mga komunidad ng Agta: Wawa [Montalban Rizal, 1908], Ipo [Bulacan, 1926], Angat [Bulacan at Quezon, 1961], Pantabangan [Nueva Ecija, 1970] at Laiban [Rizal at Quezon, 1981] (Francisco 129-135). Pinakamalaking banta, dahil pinakamalaki rin sa saklaw, ang Pantabangan Dam. Nagbukas ang proyektong ito noong panahon ni Pangulong Ferdinand Marcos Sr., panahon ding pinaslang si Maclining Dulag, lider ng tribong Butbut sa Cordillera

at isa sa mga nasa prontera ng pakikibaka laban sa Chico River Dam Project. Isinilang ang *On Potok*—bílang isang awit-protesta—sa parehong panahon.

Agta at Awit

Mahilig sa musika ang mga Agta. Kumakanta sila kapag masaya at gayundin kapag sila ay malungkot. Sa paglalakad, at dahil mahahaba ang mga lakarin sa bundok, kaugalian din nila ang pag-awit. *Ilda* ang tawag ng Remontado sa awit ng paglalakad (Francisco 295). Bahagi rin ng kanilang mga ritwal ang awit at sawaw. Madalas ay *a capella* ang kanilang pag-awit, ngunit marami na rin sa kanila ang marunong maggitara. Marami rin silang katutubong instrumento tulad ng *kudesing* o gitarang yari sa kawayan, *bolobodyong* o plawta, at *tugtog* o tambourine, at may ilan na ring bagong teknolohiya para sa pakikinig ng musika (Francisco 295). Tulad sa ibang grupong katutubo, ang mga awiting Agta ay di-nakasulat at bahagi ng tradisyong oral.

Sa kasalukuyan, karamihan sa awit ng mga Agta ay nakasaad na sa Tagalog. May katangiang banal o sagrado ang mga awit na nakasaad sa wikang Agta, lalo iyong inaawit sa seremonya ng paglilibing at sadyang inaawit lámang ng mga nakatatandang nagritwal. Dahil dito, hindi basta maaring ituro sa nakababata ang mga awiting ito (de la Rosa 57). May ilan din namang kantang Agta na nakasaad sa Tagalog na masasabing may kalumaan na at bahagi ng oral na tradisyon ng grupo. Ito lámang ang mga awit—na dahil ang mga tema ay kadalasang pag-ibig, wastong-asal, o paglilibang—ang malayang naipasa sa kasalukuyang henerasyon (57).

Nása konteksto ng pang-araw-araw na pamumuhay ang paglikha ng musika ng mga Agta. Mapapansing ang mga awitin nila, maliban nga sa nakasaad na sa Tagalog, ay pumapatungkol na rin sa modernong panahon. Lumalabas na wala na silang gaanong alaala ng mga lumang awiting katutubo dahil mas malapit sa karanasan nila ang mga awit-protesta (Baes 10). Mapapansin na ang mga awitin nila ngayon ay “parinig” sa nang-aapi sa kanila o mga hinagpis tungkol sa kahirapan. Ilan sa mga awiting popular sa mga Agta ay ang *Baru Kung Ladut/Bedu Kung Ladut, Aking Mga Tribo, Tribong Ligaw, Tribo Naming Malaya, at Ibong Malaya*. Lahat ng mga ito ay mailulugar na sa modernong panahon. Ang *Ibong Malaya* ay matutunton pa sa dekada ’70 (de la Rosa 58).

Sa klasikong *Baru Kung Ladut* (Ang Damit kong Sira)⁴, mamamalas ang kalagayan ng persona ng awit: isang bata na nagkukuwento na iisa lang ang kanyang damit at punit pa; umiiyak sila sa kahirapan, at minsan lámang makakain ng kanin. Higit na luma sa *On Potok* at popular ito sa iba't ibang komunidad ng Agta.

Katangian ng *On Potok*

Ang una kong narinig na *On Potok* ay ang popular na awit ni Fr. Castor. Hindi pa noon hayag na kaalaman na siya ang kompositor ng awit, at may palagay pa ngang ito ay isang katutubong awiting may katangiang lumang-luma. Dahil nakasaad sa wikang katutubo, madali rin sa aking mag-akala na ito ay sintanda ng pananahan ng mga Agta sa Sierra Madre. Napabulaanan ang haka kong iyon nang matunton at makapanayam ko mismo si Fr. Castor noong 2013, at mailinaw sa akin na ang orihinal na *On Potok* ay mahigit isang dekada lámang ang tanda sa kanyang komposisyon. Kung 1987 niya sinulat ang kanyang *On Potok*, mga maaga o gitnang 1970 lámang maaaring nalikha ang orihinal. Mula rito'y naestablisa na isang modernong awit ang *On Potok*. Maituturing ding marker ng panahunan ang mismong melodiya ng *On Potok*. Inawit ito para sa akin ni Fr. Castor at sa ibang pagkakataon ni Marvin Astoveza. Hawig na hawig ang tono nito sa *May Ibong Kakanta-kanta*, awit na pinasikat ni Pilita Corrales. Isinulat ang awit ni Levi Celerio, at inareglo ni A. Villanueva, at unang inilabas noong 1973. Ayon kay Fr. Castor, madalas ipakanta ang awit na ito sa mga seminar o pagtitipong inoorganisa ng gobyerno sa mga liblib na barangay—isang taktika para ilayo ang mamamayan sa noo'y lumalakas na pakikibaka laban sa tiraniya ni Marcos (de la Rosa 85). Bahagi naman ang mga kanta ng tinatawag na pop music industry sa panahon ng Batas Militar. Hinihikayat ng record industry noon ang mga awit na pawang “kapanatagan” ang nilalaman (Maceda 35). Isang linya sa kanta ay nagsasabing “ang buhay mo raw giginhawa rin kung masipag ka”. Ang dalas ng mga seminar sa mga baryo at ang popularidad ng awit sa radyo, na pinatingkad ng kasikatan din ni Corrales, ay walang dudang impluwensiyal sa tunog ng *On Potok*. Gayunman, malinaw na isang subersiyon ang paggamit ng melodiya ng mismong awit na

itinuro para hindi lumaban ang mamamayan.

Salungat nga sa una kong akala na matagal na matagal nang umiiral ang *On Potok*, isinilang ito sa gitna ng pagtutol ng mamamayang Agta sa magkakasunod at halos sabay-sabay na pagbubukas ng mga dam sa Sierra Madre. Tanda rin ng panahon ng pagkakalikha ng isang awiting Agta ang banggit o di-pagbanggit ng dam sa liriks nito. Isang halimbawa, sa kantang *Awit sa Kailugan ng Kadumagatan*,⁵ ang mahabang-mahabang awiting tungkol sa pagbaybay sa isang mahabang ilog sa Bulacan, nababanggit lámang ang ilang pananda sa ilog tulad ng Wawang Krus, batong kalabaw, Nabutas, atbp, at ilang marahil ay dokumentadong kamatayan ng ilang Agta sa mga partikular na bahagi ng ilog. Sa haba ng awit na ito, ni minsan ay hindi nabanggit ang Angat, bagama't nabanggit ang Ipo, isa sa mga ilog na pinagmumulan ng suplay ng Angat Dam. Dahil dito'y tinatayang ang awit ay nagawa ilang taon, kung hindi man ay dekada, bago ang pagtatayo ng naturang dam. Sinusuportahan ito ng mga obserbasyon na memoryado ang awit na ito ng maraming nakatatandang Agta sa Bulacan (Francisco 295).

Sinimulan ang Umiray-Angat-Ipo System o ng Angat Dam noong 1961 (Francisco 133-135) at Pantabangan Dam noong hulíng bahagi ng dekada '60. Nasa Norzagaray, Bulacan ang Angat Dam ngunit malaki ang tubig na magmumula sa Ilog Umiray, sa gawing Infanta-Nakar, Quezon. Nangangahulugan ito ng malawakang dislokasyon ng mga Agta sa malaking bahagi na ito ng Sierra Madre. Samantala, nagkawatak-watak ang pangkat ng mga Agta sa gawing Bulacan dahil sa paglayo nila sa Angat Watershed gawa ng mga pagpapasabog sa bundok para masarhan ang umaagos na ilog (Francisco 138).

Ang Pantabangan Dam naman ay matatagpuan sa pagitan ng Bundok Caraballo at ng Sierra Madre. Ito ay nása bayan ng Pantabangan sa probinsiya ng Nueva Ecija. Sinimulan ito sa bisa ng Upper Pampanga River Project Act o ang Republic Act 5499, na naisabatas noong 1966. Hunyo 1971 nang umpisahan ang proyekto at Agosto 1974 nang matapos ito (Pantabangan Website). Humigit-kumulang 13,000 katao o katumbas ng isang bayan na may pitong baryo ang dinispleys ng

⁴ Ibid.

⁵ Ibid.

pagtatayo ng Pantabangan Dam sa Nueva Ecija (Ibon). Sinalubong ito ng malawakang protesta ng mga mamamayan ng bayan ng Pantabangan (Galang). Ayon kay Fr. Castor, bago ang malalaking pagkilos kontra sa Pantabangan, walang awit na naglalaman ng mga katagang mayroon ang *On Potok* (de la Rosa 88). Sa *On Potok* pa lámang unang ginamit ang liriks na “On Potok e yenedi ni Makidapat.” Mula rito’y nais kong iestablisa na nilikha nga ang *On Potok* sa gitna ng pakikibakang anti-dam, kung gayon sa simula’t sapul sa pagkakalikha ay isang awit-protesta.

Gayunman hindi maikakailang isang likhang-bayan ang *On Potok*. Pasók ito sa kategorya ng folk song o awiting-bayan na ayon kay ni Mellie Leandicho Lopez ay:

Pagkakasunod-sunod ng mga tunog na may melodiya at binubuo ng mga salita at musikang likha ng tinig ng tao. Umiinog ito sa mga miyembro ng partikular na grupong Pilipino... sa simula’y nilikha ng isang/mga di-kilalang may-akda; sa mga may-akda’y marahil nakilala pa ang isa sa isang punto, pero nakalimutan na rin sa pag-usad ng panahon nang ang awit ay maging bahagi ng tradisyonal na gamit (227; akin ang salin).

Paulit-ulit ito kung awitin, walang partikular na bilang ng pag-uulit at madalas sa paraang *a capella*. Wala na ring kinikilalang indibidwal na awtor ang *On Potok*. At para sa mga Agta, kolektibong pag-aari ng komunidad ang awiting ito, natututunan ng mga miyembro ng komunidad sa aktuwal na pag-awit, kung gayon napapása sa paraang oral, hindi pasulat. Laging sabáyan kung ito ay kantahin at madalas ay may kasabay na sayaw.

Samantala, itinuturo ng wika ng *On Potok* ang pinagmulan nitong lugar. Sa wikang Bulos o Umiray-Dumaget nakasaad ang awit, kung gayon ay mahihinuha na isinilang ang awit na ito saanman sa mga bayan ng Infanta, General Nakar, o Real, Quezon na mga bahagi ng Sierra Madre.

PAGSUSURI: ANG IDEOLOHIKAL NA SENYAS NG *ON POTOK*

Inihahain ni Voloshinov ang problematisasyon ng ideolohikal na senyas at kung ano ang kaugnayan nito

sa kamalayan ng tao. Argumento niya, lahat ng bagay na ideolohikal ay nagtataglay ng kahulugan at kumakatawan sa isa pang bagay labas sa orihinal niyang kaligiran at kalikasan. Lahat ng bagay na may kahulugan ay senyas. Samakatwid walang ideolohiyang mabubuo kungwala ang mga bagay na may ipinahihiwatig na kahulugan—ang senyas (Voloshinov 9). Kay Voloshinov, hindi mapaghihiwalay ang wika at ideolohiya. Kung gayon ay iminumungkahi ni Voloshinov na suriin ang wika at sosyo-kultural na mga konteksto upang lumitaw ang ideolohikal na dimensiyon (9).

Hindi basta maituturing na ideolohikal ang mga imahen, o mga pisikal na bagay. Magiging ganap lámang itong ideolohikal kapag may artistiko-simbolikong imahen na itong katumbas. Ang simbolikong imahen na may ipinahihiwatig labas sa orihinal na pisikal na bagay ay ideolohikal. Ibinigay ni Voloshinov na halimbawa ang maso at karit, na kung titingnan bilang mga instrumento ng produksiyon ay wala pang ibang kabuluhan kundi ang kani-kanyang gámit o punsiyon, kung gayon ay wala pang ideolohikal na kabuluhan. Pero ang dibuho ng dalawang bagay na ito—na pinagsama—ay ang simbolo ng komunismo, at walang dudang ideolohikal (Voloshinov 10).

Masusing idinidiin ni Voloshinov ang pagkakaugnay at hindi paghihiwalay ng ideolohiya at ng senyas. May salubungan ang ideolohiya at senyas, dahil wala ring ideolohiya kung walang senyas. Aniya:

The domain of ideology coincides with the domain of signs. They equate with one another. Wherever a sign is present, ideology is present, too. Everything ideological possesses semiotic value” (Voloshinov 10).

Tulad ng paghubog ng lahat ng kamalayan, panlipunan ang pagbubuo ng kamalayang Agta—nakabatay sa ugnayan ng mga miyembro at sa sama-sama nilang pamumuhay sa gubat at dagat, sa paggawa o produksiyon sa lupa, at sa pangangalaga sa mga halaman at hayop. Pero malinaw ding materyal at reál ang kanilang búhay at ang kulturang umuunlad mula sa ugnayang ito. Pinauunlad ng bawat pangyayari sa kanilang kasaysayan ang kamalayan ng Agta bilang lipunan. Bagama’t sinasabing panlipunan, may dimensiyong espiritwal ang ugnayan nila at ng kalikasan. Mahalaga

ang puntong ito dahil hindi maihihiwalay sa lipunang katutubo ang espiritwal nilang tali sa lupang ninuno. Isang halimbawa, ang lupang ninuno ay lupang libingan ng mga ninuno. Materyal itong batayan ng paniniwalang nása lupa ang mga espirito ng lahat ng namayapang ninuno.

Naglatag si Voloshinov ng mga pre-rekisitong metodolohiya na maaaring gamitin sa pagsusuri sa ideolohikal na senyas:

1. Ang ideolohiya ay hindi maaaring ihiwalay sa materyal na realidad ng senyas (hal. sa pagpopook nito sa kamalayan o anumang lunan na hindi malinaw o magagap);
2. Ang senyas ay hindi maaari ihiwalay sa kongkretong anyo ng panlipunang talaban;
3. Ang komunikasyon at ang mga anyo nito ay hindi maaaring ihiwalay sa materyal na batayan (21; akin ang salin).

Sa ganang ito, maaaring itanong muna, ano ang materyal na realidad ng Agta? Ano ang kongkretong anyo na iniiralan ng panlipunang talaban nila? Ano ang materyal na batayan ng kanilang komunikasyon? Ang mga ito ay ang siyang inilatag sa itaas: ang pamumuhay ng Agta sa Sierra Madre. Ang búhay ng Agta ay hindi maihihiwalay sa kanilang lupang ninuno. Pinasasalimuot ang realidad na ito ng banta ng mga dam. Ito ang materyal na batayan ng mga senyas na ating tutukuyin sa *On Potok*.

Pero saan nga ba matatagpuan ang senyas at ideolohiya? Ipinopook ng Marxismo sa superrestruktura ang kamalayan, kung gayon ay ang ideolohiya. Ayon sa teoryang ito, ibinubunga ng ekonomikong báse ang dominanteng uri na magluluwal din ng superrestruktura (Marx). Kabilang dito ang mga institusyon, mga batas, media na maglululan ng kaisipan, sining, at ideolohiya. Sa ganang ito, dahil ang *On Potok* ay isang kultural na artifak, ipopook ito ng Marxistang modelo sa superrestruktura.

Gayunman, para kay Voloshinov, ang ideolohiya ay hindi lámang nakadikit sa kamalayan na ibinubunga lámang ng materyal o ekonomikong báse. Ang ideolohiya para sa kanya ay naroon din mismo sa materyal at

ekonomikong báse—ang ekonomikong báse na kinabibilangan ng produksiyon (Voloshinov, Introduksiyon). Puna ni Voloshinov, ang paglulugar ng ideolohiya sa superrestruktura, at tanging sa superrestruktura lámang, ay mekanistikong uri ng materyalismo, na bagama't diyalektikal din ay maling pagbasa ng kawalidad (17). Kung susundan, iniaalok ni Voloshinov ang kaisipan na ang ideolohiya ay nagsisimula sa báse at tumutuloy hanggang sa kaganapan nito sa superrestruktura—nagiging bahagi ng sining, relihiyon, siyensiya, batas, atbp.—alinsunod sa Marxistang pakahulugan (17).

Pinunto ni Voloshinov na ang salita, bílang batayang yunit ng wika, at kung gayon, batayang senyas, ay bahagi ng báse at kasama sa mga transisyong patungo sa superrestruktura. Ang mga manggagawa raw ay nag-uusap habang isinasagawa ang produksiyon, nagkakaroon ng mga negosasyon at iba pang aktibidad na sangkot ang salita o ang wika. Hindi maaaring mangyari ang produksiyon nang wala ang salita. Sa katunayan, sinasabi sa ilang teorya ng pinagmulan ng wika ang mahalagang papel ng paggawa sa pagsibol ng wika; sa sama-samang paggawa nakabuo ng mga krudong tunog-simbolo ang mga unang tao, ayon kay Tran Duc Thao (56). Sa pagbabanat ng butó at laman ay may mga tunog ang tao na inboluntaryong nalilikha. Kalaunan ay maitutumbas ang tunog na ito sa kung ano man ang nililikhang gámit (57). Samantala, sinabi ni Ernst Fischer na hinihingi ng paggawa na magsalita ang tao, at itinutulak nito ang komunikasyon. Sumusuhay ang kanyang idea sa teorya ni Thao na nalikha ang wika kasabay ng paglikha sa mga kagamitan sa paggawa (Thao 56; Fischer 18). Sa madaling sabi, tulad ng kagamitan sa paggawa, materyal ang wika/salita/senyas. Dahil materyal, may kakayahan ang wika na taglayin ang pagbabago at lahat ng nadadagdag sa proseso ng pagbabagong pangkasaysayan (Voloshinov 19).

Tutuntungan ko ang pagpapahalagang ito sa salita, at hahanapin ang ideolohikal na katangian ng mga salitang ito sa *On Potok*. Gámit ang tekstuwal na pagsusuri sa liriks, nais kong malaman kung ang mga salita nga ba sa *On Potok* ang senyas na tinutukoy ni Voloshinov.

Narito ang mga salita ng *On Potok* at ang literal na salin ng mga ito sa Filipino: (Nilagyan ko ng diin ang mga susing-salita sa Bulos at ang kanilang katumbas)

<p>On Potok e yenedi, e yenedi ni Makidapat On Potok e yenedi, e yenedi ni Makidapat On Potok e yenedi, kakmukan ni Agta Eyen yenedi, eyen yenedi, para de orat</p>	<p>Ang lupa ay ginawa, ginawa ni Makidapat Ang lupa ay ginawa, ginawa ni Makidapat Ang lupa ay ginawa, kabilang ang Agta Hindi ginawa, hindi ginawa para sa tubig.</p>
--	---

Kapag binabanggit ng Agta ang lupa, ang tinutukoy nila ay ang Sierra Madre, na sa sariling wika nila’y Mahabe Pagotan (Francisco, Introduksyon). Ang “mahabe pagotan” sa literal na Tagalog ay “mahabang gulugod” (Francisco 1). Naniniwala ang mga Agta na ang mundo ay hindi nagsimula sa kapatagan kundi sa Mahabe Pagotan at sa tuktok nito matatapos ang lahat (Francisco 29). Nakadugtong ito sa paniniwala na noo’y nakalubog ang mga kapatagan at tanging ang dakilang gulugod lámang ang nakalitaw. Patunay daw nito ang mga sigay o kabibe na mahuhukay sa Sierra Madre/Mahabe Pagotan (Francisco 29.)

Pansinin din na sa pangalan/pangngalan ay may pagkilala ang Agta sa haba at laki ng sakop ng bulubunduking ito. Bagama’t mula sa iba-ibang bayan at probinsiya, nagkakaisa ang mga Agta na ang Mahabe Pagotan ang tunay nilang tahanan at ang kanilang lupang ninuno at minana (Francisco, Introduksyon). Pre-kolonyal ang pangalang ito kompara sa “Sierra Madre” (Tag. Inang Kabundukan) na ipinangalan ng Español sa ilang bundok sa mga naging kolonya nila sa Hilaga at Sentral na Amerika. Ang “potok” kung gayon sa linyang ito ay hindi lámang tipak ng lupa, katawang heolohikal, hindi lámang espasyong nasusukat ng ektarya, at isang namamapang heograpikal na lokasyon, kundi isang mahaba, malaki, malawak, at matandang-matandang anyo ng buháy na kalupaan. Bagamat si Makidapat ang pinakamakapangyarihan sa lahat para sa Agta, hindi ang pangalan niya kundi ang praseng “on potok” ang unang binanggit sa awit. Ang bumubungad sa atin ay ang pinakamahahalagang nilalang para sa Agta: ang lupa.

Mapagpasyang aksiyon ang “yenedi” (ugat: yedi). Ang “paggawa”, sa wika ng kapitalismo, ay isang ekonomikong salita. Pero mas batayan para sa Agta ang salitang “pagyedi”. Bahagi ito ng bokabularyong Agta bílang aktibidad sa araw-araw, isang kailangang hakbang para mabuhay. Ito ang kanilang tawag sa produksiyon, na sama-samang nilalahukan ng mga miyembro ng komunidad. Pansining ang “yedi” ay kogneyt o kamag-anak ng salitang “yari” (Reid), na kasingkahulugan ng “gawa”. Ang pagyedi ay proseso ng paglikha ng isang produkto gámit ang lakas-paggawa. Sa pagdalumat ni Fischer, ang paggawa ay ang pagtransporma ng tao sa kalikasan gámit ang kanyang mga kamay (Fischer 18). Sa ganito’y napapakinabangan ng tao ang kalikasan—nagiging pagkain ang halaman o hayop, nagiging bahay ang puno, atbp. Ang pagyedi samakatwid ay ang matalik na relasyon ng tao at ng lupa, na nagluluwal ng mga produktong yayariin ng kamay ng tao para magamit niya at maitaguyod ang kanyang búhay. Mahalaga sa paggawa ang sustenibleng pagtransporma ng natural na paligid, ibig sabihin ay kayang maghilom ng kalikasan matapos gamitin ang mga hindi pa napoprosesong materyales mula rito. Ito ang malaking kaibahan ng transpormasyon sa kalikasang gawa ng katutubo at transpormasyong gawa ng kanyang agresor. Sa transpormasyong ginagawa ng hulí, laging humahantong sa pagkasira ng natural na paligid, at pagkasira iyong hindi na magagamot kailanman. Ngayon kung magsasakatawang-tao si Makidapat, maaaring sabihing ginamit niya ang sariling mga kamay para magawa/yariin ang lupa mula sa kung ano mang kalikasang mayroon siya sa espiritwal niyang lunan. Ang ginawa niya ay mga bagay na magtatagal, at magsusustine sa isa’t isa. Nagtatransporma siya nang walang sinisira. Mahalaga ang imahinasyong ito sa pagbibigay ng bigat sa praseng “yenedi ni Makidapat.”

Ang repetisyon, bilang teknik ay pagbibigay ng diin sa isang salita, sa pagkakataong ito sa aksiyong “yenedi” (ginawa), bagama’t sa awit ay madaling sabihing isinagawa ang pag-uulit para maisabay sa melodiya ng *May Ibong Kakanta-kanta*. Sa pag-uulit—e yenedi, e yenedi—inihahanda tayo ng kanta sa susunod na salita—ni Makidapat. Sa isang banda, bumabalik ang empasis sa produkto ng pagyedi ni Makidapat, at muli, natutuon sa unang prase ang bigat ng halaga. Para bang tinatanong: Ano ang ginawa? Ano nga ang ginawa ni Makidapat? Ang lupa. Ano pa at awtomatikong ang “*On Potok*” ang naging pamagat, kung gayon ay bandila ng awit.

Bagama't awit ng lipunang Agta, hindi silang mga Agta lámang ang tinutukoy sa awit, kundi ang tao sa kabuoan—sino man—Tagalog, Ilokano, mga bagong naninirahan, tagalungsod, ay sinasaklaw ng pangalang Agta (Astoveza, R). Ang Sierra Madre ay para sa lahat ng tao, at hindi ipinagdadamot kanino man ng Agta. Ilang beses na bang iniligtas ng Sierra Madre ang mga taga-patag na kinukubli nito mula sa mga superbagyo ng Karagatang Pasipiko? Ito pa lámang ay malinaw nang suporta sa ipinaglalaman ng mamamayang Agta: hindi lámang sila ang kinakanlong ng Sierra Madre. Pero, kahit magkaganoon, inaako ng Agta ang tungkulin ng pagtatanggol sa Sierra Madre.

Sa pagtatayo ng dam, ang banta ng pagkasira ay nása lupa: sa bundok, sa mga bato, at natural na tubig. Sa pagkasira ng lupa ay natural na sumusunod ang pagkasira ng iba pang nabubuhay rito—hayop, halaman, at tao. Sa gayon, hinihingi ng sitwasyon na may magtanggol sa lupa. At ang tao ang siyang tanging may kakayahang gawin ito. Paano winiwika ng awit ang kahingiang ito? Tingnang muli ang pahayag: On potok e yenedi ni Makidapat. Kung tutuusi'y deklarativo ang pangungusap na ito; walang atas o panawagan para sa pagkilos sa kabila ng pagiging awit-protesta. Pero isang deklarasyon at reapirmasyon ng halaga ang pagpapahayag na "Ang lupa ay ginawa ni Makidapat." Pahayag ito ng isang absolutong katotohanan sa kamalayan ng Agta. Sa unang tingin, maaari pa ngang basahing litaw rito ang pagkamapayapa ng Agta. Walang dahas sa pagsasabing ang lupa ay ginawa ng diyos, ngunit sa likod ng deklarasyong mapayapa ay ang kabuluhang ito: "Kailangang ipagtanggol ng Agta ang lupa dahil ito ay ginawa ng mismong kamay ni Makidapat."

May isang salita sa liriks na hindi pangngalan o pandiwa, pero kasinghalaga ng mga una nating sinipat na salita: ang pang-abay na "eyen" (hindi). Hindi lámang palamuti ang negasyon sa linyang "Eyen yenedi, eyen yenedi para de orat" (Hindi ginawa, hindi ginawa para sa tubig.) Kailangan ng "yenedi" ang "eyen" para magpahayag ng isang negatibong diwa: hindi ginawa ang lupa para sa tubig. Ayon kay Fr. Castor, hindi lubos-maisip ng Agta kung bakit kailangang magtayo ng isang estruktura na magiging sisidlan ng tubig gayong may mga ilog na natural na sisidlan nito. Ang

lupa umano ay nilikha ng diyos para sa tao, bakit ito huhukayin para paglagyan ng tubig (de la Rosa 90)? Ang buong Sierra Madre ay epektibong watershed. Sa pagdedeclarang "Eyen yenedi, eyen yenedi para de orat," nirerehistro ng Agta ang mariing pagtutol sa kumbersiyon ng mga natural na daluyan ng tubig tungo sa isang dambuhalang artipisyal na estrukturang sisidlan ng tubig. Ito ang antidam na sentimyento ng Agta, at kung gayon ang deklarasyon ng kanilang pakikibaka. Natuon na nga raw sa pakikibaka ang tema ng mga awit ng Agta (Baes 9). Ang *On Potok* ang pinakamatingkad na halimbawa nito.

Sa liriks ni Fr. Castor, sinasalin ang "kakmukan ni Agta" bílang "para sa mga Dumagat." Nakaayos ang liriks ni Fr. Castor sa paraang pinagsusunod ang liriks na Bulos at ang salin sa Tagalog, para agad maunawaan ng tagapakinig:

On potok na ang Lupang nilikha ni
Makidjapat

Kakmukan ni Agta, para sa mga Dumagat.

Ang "kakmukan" ay nangangahulugang "other/iba" o "including/kabilang". Sa ganang ito'y maaaring tingnang mali ang salin ni Fr. Castor, dahil sa pagtutumbas ng "para sa mga Dumagat" sa praseng "kakmukan ni Agta." Sa kabilang banda, hindi ito itinatama ng mga Agta at sa halip ay inaaawit nila nang parang kanila rin ang salita. Sa katunayan, kapag inaaawit ang orihinal na *On Potok*, sinasalit-salit din ito sa Tagalog na may ganitong liriks: "Ang lupa ay nilikha, nilikha ni Makidapat/ ang lupa ay nilikha, nilikha ni Makidapat/ Ang lupa ay nilikha, para sa mga Agta / Hindi nilikha, hindi nilikha para sa tubig." (Astoveza, M.) Kung tutuunan ng pansin ang kabuluhan ng "kakmukan" bílang "kabilang," maaaring iinterpreta ang liriks sa ganito: ginawa ni Makidapat ang lupa kabilang na ang tao, kung gayon hindi sila maaaring paghiwalayin. Ginawa ang tao para alagaan ang lupa. Ginawa ang lupa para sa pakinabang ng tao. Nilalatag nito ang kondisyon para igiit ang pagpapanatili ng talik ng ugnayan ng tao at lupa. Sa ganitong lohika natin isaad ang punto: "Ginawa ni Makidapat ang lupa at ang tao, samakatwid hindi sila dapat paghiwalayin, samakatwid ang lupa ay para sa tao. Ang lupa ay ginawa para sa tao, samakatwid hindi ito para sa tubig." Malinaw sa pamimilosopiyang

ito ang pagtanggì ng Agta na baguhin ang sa paniniwala nila ay intensiyon ni Makidapat sa paglikha sa lupa.

Narito ang mga senyas na ating tinukoy sa awit at ang katumbas na kabuluhan:

- On potok – Mahabe Pagotan o Sierra Madre – tahanan at búhay ng lipunang Agta
- Pagyedi–paggawa–trabaho/produksiyon ng Agta at paglikha ni Makidapat
- Makidapat – diyos – pinakamataas na espiritwal na entidad na gumawa sa lahat
- Eyen yenedi para de orat – anti-dam na sentimyento – pakikibakang anti-dam

Ang mga senyas na ito ay pang-araw-araw na wika ng mga Agta. Kapaligiran at kaligiran nila ang lupa, ang tubig, ang kapuwa Agta, at si Makidapat na nananahan din sa lupa, sa tubig, sa kapuwa Agta, sa bato, sa mga hayop, sa puno at sa lahat ng bagay, kasama ng espirito ng mga ninuno. Nabuhay ang Agta dahil sa pagyedi ni Makidapat at nabubuhay sila dahil sa araw-araw nilang pagyedi para alagaan ang lupa. Samakatwid, ang mga senyas na ito ay mismong mga materyal na realidad ng Agta. Ito ang mga ideolohikal na senyas na bumubuo at sumusuhay sa Ideolohiyang Agta. Sa pagbubuod, mailalarawan ang Ideolohiyang Agta bílang pakikibakang anti-dam na ang pangunahing layon ay ipagtanggol ang Sierra Madre/Mahabe Pagotan, para sa patúloy na pamumuhay ng Agta at pagsusustine ng mga susunod na henerasyon ng tao, kasama ang hindi Agta.

Tinawag ni Voloshinov ang ideolohikal na senyas na repraksiyon sa halip na repleksiyon (11). Ang repraksiyon, sa pisikal na siyensiya, ay pagdaan ng liwanag sa isang midyum, sa proseso ay nababali ang liwanag at bahagyang naiiba ang direksiyon. May kaibahan ito sa repleksiyon na pagtama at pagtalbog ng liwanag sa isang midyum. Maaaring maging repleksiyon lámang ang senyas, kung walang ibang umunlad na kabuluhan labas sa kaligiran nito (hal., ang maso at karit ay maso at karit lámang kung wala ang pagsasanib ng manggagawa at magsasakang Ruso na nagbigay ng katumbas na kabuluhan sa mga senyas na ito). Marami sa mga realidad ng lipunan ang hindi itinatapon pabalik upang maging senyas bagkus ay tumutuloy o tumutulay sa isang proseso na nagluluwal ng mga ideolohikal

na senyas. Kailangang maintindihan na masalimuot ang prosesong ito, hindi tuwid at hindi mabilis na nangyayari.

Nagkakaroon daw ng repraksiyon kapag may interseksiyon ng magkakaibang interes sa loob ng isang komunidad ng senyas (Voloshinov 23). Bagama't magkaiba ang wika, ang senyas na “lupa” at “potok” ay pareho ang literal na kahulugan (i.e. land, heolohikal na katawan, tipak ng heograpikal na espasyo, naapakan, tinutubuan ng mga puno, natitirahan, at natatamnan). Dahil dito, ilulugar ko ang Agta at ang kanyang agresor sa iisang komunidad ng senyas. Ang pagkrus ng kanilang interes, at kung gayon ang pagmumulan ng repraksiyon ay kung ano ang halaga ng lupa para sa kanila. Sa Agta, ang lupa ay ang lupang ninuno na katumbas ng búhay ng buong sangka-Agtaan at kanlungan ng kanilang espiritwal na buhay; sa agresor, ang halaga ng lupa ay ang monetaryong ganansiya ng mga proyektong impraestruktura. Sa magkakaibang materyal na pagdanas ay nahuhubog ang mga pagpapahalagang ito. Ang Agta ay binubuhay ng lupa kung kayâ may ganitong pagtangi sa lupa. Ang agresor, bagama't kung tutuusin ay binubuhay din ng lupa, ay yumayaman sa tubò kung kayâ walang ano mang nakikita kundi ang kapangyarihang kakambal ng monetaryong yaman. Sa ganitong halagahan, lalong nahihwalay ang ideolohikal na senyas ng *On Potok*, at lalong tumitingkad sa atin kung ano ang Ideolohiyang Agta.

Alinsunod sa mga pre-rekisitos na inilatag ni Voloshinov, ang *On Potok* ay binubuo ng mga salita o senyas na sisidlan ng at kumakatawan sa ideolohiya ng Agta. Ang mga senyas sa *On Potok* ay hindi maihihiwalay sa materyal na realidad ng Agta, sa lipunan ng kanilang paggawa/pagyedi, samakatwid, ng diskurso, talastasan, laban, at tunggalian. Ang banta ng dam ang naging bunsod para luminaw ang pakikibaka para sa lupang ninuno at ang *On Potok* ay ang payak ngunit malalim, malawak, at kompleks na artikulasyon ng Agta sa pakikibakang ito.

NAGPAPATÚLOY NA DIWA NG *ON POTOK*

Mula 1970s, nagpapatúloy ang kabuluhan ng *On Potok* hanggang sa kasalukuyan. Naging inspirasyon ang *On Potok* ng mga awit na isinulat ng mga indibidwal na hindi naman kabilang

sa komunidad ng Agta, pero dinadala ang kanilang kawsa. Una na nga rito si Fr. Castor. Pero mismong ang *On Potok* pa lámang ni Fr. Castor ay may ilan nang popular na cover kabilang ang rendisyon ng STeX at Talahib. Sa koro ng *Lupang Minana* ni Fr. Don Irinco, itinatampok ang liriks na “*On Potok* ni ayenede ni Makidjapat⁶... para de pesen” (Ang lupa ay nilikha ni Makidapat... para sa lahat). Si Fr. Irinco ay naging misyonero rin sa Umiray, General Nakar, Quezon. Samantala, inalay ni Norman Taniegra, musikero at dáting redentoristang seminarista rin, sa mga Agta ng Infanta ang kanta niyang “Oyayi ni Makiejepet”. Nasa liriks din ng awit ni Taniegra ang linyang “*On Potok* ne ayenade ni Makiejepet” (de la Rosa 96). Sa ganang ito lumalaganap ang ideolohikal na senyas sa mga sirkulo at odyens ng mga nasabing kompositor/artista. Kung gayon nakakatulong silang kumabig ng opinyon at suporta para sa nagpapatúloy na laban ng Agta.

Taóng 2019 nang muling itulak ng administrasyong Duterte ang konstruksiyon ng Kaliwa Dam. Binibigyang-matuwid ito ng isang artipisyal na krisis sa tubig sa Kamaynilaan. Nalantad din agad na may interes ang gobyerno ng China sa pagtutulak ng proyektong ito. Bagama’t tumitingkad ang presensiya ng dagdag na entidad—isang bagong dayuhang gobyerno na mas malakas ang impluwensiya sa mga internal na desisyon ng bansa—sa anti-dam na laban, mapagsasama-sama pa rin ang mga ito sa iisang panig: ang panig ng agresor na pinangungunahan ng gobyerno ng Pilipinas. Tuloy-tuloy ang bantang ito hanggang sa kasalukuyan, na sinasalubong ng tuloy-tuloy ding pagtutol mula sa lipunang Agta at mga alyado sa kapatagan.

Sa gitna ng malawakang pagkilos, at pagkabig sa suporta ng publiko sa pakikibakang anti-dam, bumabaling sa karahasan ang estado para takutin at patigilin ang mga Agtang nakikibaka. Ang magpinsang sina Puroy at Randy dela Cruz ay mga Agta na pinaslang ng militar sa isang operasyon na tinaguriang “Bloody Sunday” noong 2021. Ang mga biktima ay aktibo sa pakikibaka para sa proteksiyon ng Sierra Madre.

Noong Pebrero 2023, bumaba mula sa General Nakar, Quezon ang mahigit 300 Agta at nagmartsa nang siyam na araw tungong Malacañang para iprotesta sa gobyernong

Marcos Jr. ang pagtutuloy ng Kaliwa Dam. Hindi sila maaaring tumigil.

Sa harap ng nagpapatúloy na banta sa lupang ninuno at búhay ng mga Agta, nananatili at patuloy na nagiging okasyon ng pagtutol ang awit na *On Potok*. Sa mga rali at pagkilos, ang *On Potok* na bersiyon ni Fr. Castor ay dala at nagsisilbing anthem ng mga Agta at kapuwa katutubo. Sa mga pamayanang Agta, awit ng pagsalubong sa mga panauhin ang *On Potok*, kapuwa ang orihinal at ang awit ni Fr. Castor na inangkin na rin ng mamamayang Agta bilang kanilang awitin. Ang awit-protesta ay naging awit-komunidad ng mga Agta. Ang awit-komunidad ay palagiang humihimig ng protesta, sa kabundukan man o sa kapatagan.

KONGKLUSYON

Gámit ang mga inilatag na pre-rekisitos ni Voloshinov sa pagsusuri sa teksto, nahinuha nating taglay ng *On Potok* ang ideolohikal na senyas—mga instrumento na kailangan sa produksiyon (lupa, tao, yedi, Makidapat) at mga materyal na kairalan sa pakikibaka para sa lupa (hindi ginawa para sa tubig).

Ang *On Potok* ay isang awit protesta na isinilang noong dekada ’70. Sa loob ng limang dekada, nanatili rito ang diwa ng protesta dahil sa patuloy na mga banta ng agresyon sa mamamayang Agta. Ang mga agresyong ito ang materyal na realidad na iniralan ng ideolohikal na senyas, samakatwid ng Ideolohiyang Agta. Nagpapatúloy ang laban ng Agta, at tulad sa lahat ng lipunan ay laging nása proseso ng paghuhubog ng ideolohiya, at sa prosesong ito nakapook ang mga senyas ng *On Potok*.

Mga senyas, na gawa rin ng tao, ang ideolohikal na senyas ayon kay Voloshinov (12). Bagama’t may malalim na espirital na ugnay ang tao at lupa ayon sa katutubong konsepto, panlipunang materyal ito, nalilikha lámang sa pagitan ng mga nagsasama-samang indibidwal at anumang pagbabago sa komunidad ng mga indibidwal na ito ay magpapabago rin sa kabuluhan ng mga senyas, kundi man ng mismong mga senyas. Ito ang kaligiran ng istorikong materyalismo na tinuturing ni Voloshinov na kaligiran din ng mga nagbabagong senyas at kamalayan.

⁶ Pansinin ang kaibahan sa baybay ng mga salita. Walang tiyak na ortograpiya ang Umiray Dumaget at sa pagbigkas ibinabatay ang mga pagbaybay.

Anti-dam ang Ideolohiyang Agta, at mananatiling sisidlan nito ang awit na *On Potok*. Maaaring magbago ang kabuluhan ng mga salita o senyas ng awit na ito, kapag nawala na ang banta ng agresyon at pang-aagaw ng lupang ninuno, at laging may puwang para sa imahinasyon ng hinaharap na ito. Ito naman ang punto ng pakikibaka. Sa ngayon, pinakamaigting ang laban, pinakamalakas ang tunog ng *On Potok*, at pinakamatalas ang winiwikang diwa ng mga senyas ng awit na ito. ♦

APENDIKS - LIRIKS NG MGA AWIT

1.) On Potok

(Sinulat at inawit ni Fr. Oliver Castor)

Koro

On potok na eyenade
Na eyenade ni Makidjapat
On potok na eyenade
Na eyenade ni Makidjapat
On potok na eyenade
Na eyenade ni Makidjapat

Berso 1

On potok na ang lupang nilikha ni Makidjapat
Kakmuka ni Agta, para sa mga Dumagat
Sa pusod ng Sierra Madre, tahimik ang aming
daigdig
Nang dumating ang mga gahaman, dala ay ligalig

Koro

On potok na eyenade
Na eyenade ni Makidjapat
On potok na eyenade
Na eyenade ni Makidjapat
On potok na eyenade
Na eyenade ni Makidjapat

Berso 2

On potok na ang lupang nilikha ni Makidjapat
Binulabog na ng ingay ng lagaring de makina
Ang yaman ng kagubata'y kanilang kinukuha
Panaghoy ng Sierra Madre, aming ina

2.) Awit sa Kailugan ng Kadumagatan

*(Nakalap ni Bro. Martin Francisco;
nakalathala sa librong Mahabe Pagotan)*

Wawang Matulid nagsimula
Unag-unag ipagsusulit
Ang lugar ng Wawang Matulid.

Noon nga po kami'y nagtawid
Nabulos sa paligid
Nang kami nga po'y nabulos
Kami nga po'y nabara

Kami nga po ay nabangko
Doon nga po sa batong pula.
Ang isa pong mahirap dito
Ang batisang tapat ni Tarugo
Doon ay mayroon tatlong bato
Ang agos ay doon patungo
Kamanuyo ang pasunod
Tumagtag, Wawang Krus
Batisan na nakapanglambot
Ang tikin mo ay mahuhubog
Ang Bayaba at Arsobu
Ang langud kamariabu
Ang Kanasna at Umiko
Ang Lamesa at Ubiro
Ang Aduas sa Kailigan
Ang bunga sa Kaibukal
San Lorenzo kaalunan,
Pagkabulos mo ay kudkuran
Ang siko ay dilikinti
Dyan namatay si Vicinti
Barong Putin a halili
Nagpapasikat kung kati
Ang Bininit nga ay sentral
Labasan po ng tulisan
Dilikinti po ay sagagen
Lalu pa nga ang Anginan
Ang Pako nga ay matindi
Lalu na 'yang Kamatsile
Ang Papaya ay mabuti
Sa Ipu kayo ay madadale
Diya'y may batong kalabaw
Diyan ka makukubabaw
Palibhasa'y kapunturan
Ang balsa mo nga ay magkakalawasan
Bubulusan mo ang Liyang
Saka na po yang Babatuan
Dalawang Ilog Pamusuan
Ang lipya ay pasiwangan
Sa Bitbit na ang Batisan
Ng si Ka Lito ay namatay
Nang makuha, pangatlong araw
Sa Batisan Pamakpakan
Ang Paila ay mahirap din naman
Ang Batong Pula po ang ngalan
Susunod po ang Batong Anay
Diyan ka nga maghuhugos
Mag-ingat ka kay Pugot
Sa Nabutas ka huhulog
Sa ibaba ay may puntod

Inalapid ay mahirap
 Diyan po ay may batong matulis
 Mangamba diyan sa Suklib
 At diyan ka isisiksik
 Pagdating mo 'kay basa
 Ang Baraka ay masama
 Pagkiling ay may dalita
 Ang mga Saplod, pasa gitna
 Ang magsanla pahirapa'y
 Kung laki Katakawan
 Ang Bitin-bitin ay mahigpit
 Dyan namatay ang ina ni Munik
 Palibhasa'y mata'y palipit
 Isinisiksik pa sa yungib
 Sa lugar po na ang langka
 May namatay na isang bata
 Palibhasa'y hanging pasuba
 Isiniksik sa Malimba
 Ang Santol po ay maginhawa
 At maalon nga lang siya
 Sa Balugan kayo mangamba
 At tatapis doon ang balsa
 Pagdating mo sa Misit
 Magtitiis ka ng init
 Lanay ng hanggang matiktik
 At Manggalas at paligid
 Sa lugar nga po ng Bakas
 Tatlong buhay ang inutas
 Kapatid po ni Marianong peklat
 Sumisid di na nakalabas
 Bubulusan mo 'yang Lawang
 At saka po ang Kalumpang
 At tawiran po nga sa Garay
 Yamang ito ay tapos na
 Buhay naming inistorya
 Kami nga po, paalam na
 Sa Kasiro at Kasera.

3.) Baru Kung Ladut

Baru kung ladut, un isinla, un isinla
 (Ang baro kong sira ay isa lang, ay isa lang)

An diti kakmokaan
 (Walang iba)

Gitangos si Ina, gitangos si Ama
 (Umiiyak si Ina, umiiyak si Ama)

Gitangos kami, de kahedapan
 (Umiiyak kami sa kahirapan)

O-yen ipag-ani, gepangan me kanin
 (Palaging nag-aani, palaging kumakain ng kanin)

Pag-eyen ti kanin, kamote o eyen
 (Pag wala nang kanin, kamote o wala)

4) Lupang Minana*

(*Sinulat at inawit ni Fr. Dondon Irinco, 2001*)

Minsan ako'y nadalaw sa isang tribong Dumagat
 buhay nila'y inaasa sa biyaya ni Makidyapat
 ngunit ako'y nalungkot sa aking nakita
 lupaing alay ni Bathala, inangkin ng isang gaha-
 man.

On potok ni ayenade ayenade ni makidyapat,
 On potok ni ayenade ni ayenade para di pesen,
 e ayenade, e ayenade, e ayenade para de orat.

Walang humpay na pagtotroso,
 mina at dam para lang sa ilan
 taong lumilikha ng pagpanaw ng inang kalikasan
 ipagtanggol at ating alagaan lupaing minana pa sa
 'ting ninuno
 ito'y alay ni Bathala, mahalina at ipaglaban.

On potok ni ayenadi ayenadi ni makidyapat
 On potok ni ayenadi ni ayenadi para di pesen,
 e ayenade, e ayenade, e ayenade para di orat.

**Kinanta ni Marvin Astoveza sa panayam ng
 may-akda (2013)*

5) Oyayie ni Makiejapet

(*Sinulat ni Norman Taniegra*)

Na...Mena... Mena... Me... Na (2x)

Haplos ng sariwang hangin
 Dampi ng lamig at dilim
 Pinaghele ng lalarin...larin
 Bulong ng dahon na naglalambing
 Lagaslas ng batis, batubalaning umakit
 Sa kagandahan mo kalikasan
 Sa kandungan mo'y hayaang maidlip
 Ang pagal na katawan ng Agtang
 Humihibik...

Koro:

Un potok na ayenaden
 Un potok na ayenaden
 Kakmokaan ti Agta
 Naglaho ang lupa
 Un potok na ayenaden
 Na aye naden ni Makiejapet

Haplos ng sariwang hangin
 Kislap ng buwan at bitwin
 Tanglawan mo ang lahing himbing
 Lupa 'wag kang manimdim

Ulitin ang Koro

MGA SANGGUNIAN

- Baes, Jonas. "When there is no more music... or Dumagat Internal Refugees in the Philippines and the Issues of 'Cultural Objecthood.'" *Wacana Seni Journal of Arts Discourse*, Vol. II. Pernerbit University Sains, Malaysia, 2012.
- Collection of Unpublished Materials. SIL International-Philippines.
- de la Rosa, Ma. Cecilia. *On Potok: awit-protesta bilang awit-komunidad ng mga Agta sa Quezon*. Undergraduate Thesis. University of the Philippines Manila, 2013.
- Fischer, Ernst, 1899-1972. *The Necessity of Art, a Marxist Approach*. Penguin Books, 1963.
- Flores, Guiller J. et. al. *I Kitam ay Magsolat: Panuntonan de Pagsolat ni Surut a Dumaget-Bulus (Dumagat-Bulus Spelling Guide)*. Summer Institute for Language (SIL Philippines), 2017
- Francisco, Martin, BSMP. *Mahabe Pagotan: Kasaysayan, kalinangan at lipunan ng mga Dumagat sa bahaging Bulacan ng Sierra Madre*. Bahay Saliksikan ng Bulacan-Bulacan State University, 2012.
- Galang, Armand. "Pantabangan Ruins Recall Sacrificies of Displaced Villagers." *Philippine Daily Inquirer*, 2 August 2020.
- Himes, Ronald S. *The relationship of Umiray Dumaget to other Philippine languages*. *Oceanic Linguistics* Vol. 41, 2002.
- Ibon Foundation. "Megadams: unuseful, destructive-WPN". March 23, 2017. <https://www.ibon.org/megadams-unuseful-destructive-wpn/>
- Lopez, Mellie Leandicho. *A Handbook of Philippine Folklore*. University of the Philippines Press, 2006.
- Maceda, Teresita Gimenez. *Mga Tinig Mula sa Ibaba: Kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Partido Sosyalista ng Pilipinas sa Awit, 1930-1955*. University of the Philippines Press, 1996.
- Marx, Karl. *A Contribution to the Critique of Political Economy*. (Progress Publishers, 1859/ Marxists.org, 1999).
- Official Website Pantabangan, Nueva Ecija. "Pantabangan Dam". <http://www.pantabangan.gov.ph/>
- Reid, Lawrence A. "Possible Non-Austronesian Lexical Elements in Philippine Negrito Languages." *Oceanic Linguistics*, Vol. 33, No 1, Jun. 1994.
- Reid, Lawrence and Fe Yap. *Sheet of Cooper*. Microsoft Excel File. Web 4 Feb 2024. [[https://zorc.net/RDZorc/Yap/Reid-Yap\[Cooper\].xlsx](https://zorc.net/RDZorc/Yap/Reid-Yap[Cooper].xlsx)]
- Tran Duc Thao. *Investigations into the Origin of Language and Consciousness*. D. Reidel Publishing Company, 1984.
- Voloshinov, Valentin. *Marxism and the Philosophy of Language*. Translated by Ladislav Matejka and Irwin R. Titunik. Harvard University Press, 1929/1973.
- "Umiray Dumaget Agta" *Ethnologue*, 2015.

MGA PANAYAM

- Astoveza, Marvin. Panayam. Ma. Cecilia de la Rosa. 6 Agosto 2013.
- Astoveza, Ramcy. Panayam. Ma. Cecilia de la Rosa. 5 Agosto 2013.
- Fr. Castor, Oliver, CSsR. Panayam. Ma. Cecilia de la Rosa. 18 Enero 2013.



Si MA. CECILIA C. DE LA ROSA ay nagsusulat ng tula at dula. Nagtatrabaho siya bilang kawani sa Departamento ng Agham Pampulitika at lektiyurer sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, kapwa sa UP Diliman. Siya ay nagtapos ng Master sa Arte Malikhaing Pagsulat sa UP Diliman at Batsilyer sa Arte sa Sining Pilipino sa UP Manila.